★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 58 ★

TINITIYAK NG PROPOSISYON 58 NA ANG LAHAT NG ESTUDYANTE AY MAGKAKAROON NG KAHUSAYAN SA PAGGAMIT NG WIKANG INGLES SA LALONG MADALING PANAHON.

Maraming estudyante sa California ang napag-iiwanan at hindi nabibigyan ng oportunidad sa pagkakatuto ng wikang Ingles sa pamamagitan ng pinakamahusay na pamamaraan sa pagtuturo na maaaring ibigay sa kanila. Ito ay dahil sa isang halos napaglipasan na ng panahon at 20 taon nang batas na Proposisyon 227, na naghihigpit sa mga maaaring gamiting pamamaraan sa pagtuturo ng wikang Ingles ng mga distrito ng paaralan.

Binabago ng Proposisyon 58 ang Proposisyon 227 upang alisin ang mga paghihigpit na ito nang sa gayon ay magamit ng mga paaralan ang mga pinakanapapanahong pamamaraan sa pagtuturo upang matulungang matuto ang ating mga estudyante.

Ang Proposisyon 58 ay: • Nag-aatas sa mga lokal na distrito ng paaralan na tukuyin ang kanilang taunang Mga Lokal Plano sa Pangangasiwa at Pagtutuos sa K–12, ang mga pamamaraan sa pagtuturo na gagamitin nila upang matiyak na magiging mahusay ang lahat ng estudyante sa wikang Ingles sa pinakamabilis na panahon hangga't maaari. • Nag-aatas sa mga paaralan na mag-alok ng planadong programa sa imersyon sa wikang Ingles para sa mga estudyante ng wikang Ingles. Ngunit maaari ding gumamit ang mga paaralan ng ibang pamamaraan sa pagtuturo ng wikang Ingles batay sa pananaliksik at opinyon ng mga tagapagtaguyod. • Dapat humingi ng opinyon ang mga distrito ng paaralan sa mga guro, magulang at sa komunidad.

PINAPALAWAK DIN NG PROPOSISYON 58 ANG MGA OPORTUNINDAD PARA SA MGA GUMAGAMIT NG WIKANG INGLES NA MATUTO NG PANGALAWANG WIKA.

Inaalis ng Proposisyon 58 ang mga hadlang na nakakasama sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagpigil sa mga paaralan sa pagpapalawig ng edukasyong gumamit ng maraming wika sa pagtuturo. Hinihikayat ng Proposisyon 58 ang mga distrito ng paaralan na magbigay ng mga programa sa pagtuturo upang maging mahusay sa pangalawang wika ang mga estudyanteng Ingles ang unang wika:

• Dapat isama ng mga distrito ng paaralan ang kanilang taunang mga programa sa Mga Lokal Plano sa Pangangasiwa at Pagtutuos sa K–12 ang pagbibigay sa mga estudyanteng gumagamit ng wikang Ingles ng oportunidad na makamit ang kahusayan sa isang pangalawang wika. • Ang mga pagpipilian sa ibang mga wika maliban sa Ingles ay dapat magmula sa mga opinyon ng mga magulang, komunidad at tagapagdulot ng mga paaralan sa wika at pananalapi. • Ayon sa pananaliksik, ang mga estudyanteng lumalahok sa mga programang itinuturo sa mahigit isang wika ay mas nagkakaroon ng mahusay na pagganap pagdating sa akademikong aspeto.

IBINABALIK NG 58 ANG LOKAL NA PANGANGASIWA SA ATING MGA PAARALAN.

Nagbibigay-daan ang Proposisyon 58 sa mga lokal na distrito ng paaralan na mapili ang mga pinakanapapanahon na pamamaraan sa pagtuturo ng wika upang mapahusay ang mga resulta sa mga mag-aaral nang walang mga legal na paghihigpit sa mga ito ng maraming dekada na ang tagal na batas.

NAGBIBIGAY ANG PROPOSISYON 58 NG MAS MAGANDANG KINABUKASAN PARA SA ATING MGA ANAK AT PARA SA ATING ESTADO.

Mabilis na nagbabago ang ekonomiya ng mundo. Sa ngayon, nagbibigay-daan ang teknolohiya sa pinakamaliliit na negosyong magkaroon ng pandaigdigang naaabot. Ang mga estudyanteng mahusay sa wikang Ingles at pangalawang wika ay mas magkakaroon ng pagkakataong matanggap sa trabaho, magsimula sa mataas na antas ng sweldo, at magiging bahagi sila sa lakas-paggawa ng California na mas handa sa pakikipagsabayan sa mga trabaho sa pandaigdigang ekonomiya.

ANG PROPOSISYON 58 AY MAY MALAWAK NA SUPORTA MULA SA MGA LOKAL NA DISTRITO NG PAARALAN, GURO, MAGULANG AT EMPLOYER.

Hindi partisado o politikal na usapin ang pagbibigay sa mga lokal na paaralan ng mga kagamitang kailangan nila sa pagpapahusay ng mga resulta para sa mga mag-aaral. Inilagay sa balota ang Proposisyon 58 ng dalawang partisadong boto ng lehislatura. Ang suporta sa dapat ipatupad na reporma ng Proposisyon 58 na magpapahusay sa pagtuturo ng wika sa ating mga paaralan ay may malawak na batayan at kabilang dito ang: Mga lokal na lupon ng paaralan (ang Kapisanan ng mga Lupon ng Paaralan ng California), Guro (ang Kapisanan ng Mga Guro sa Wika ng California, ang Kapisanan ng Mga Guro ng California, ang Pederasyon ng Mga Guro ng California), Mga Magulang (PTA ng Estado ng California), at Mga Employer (kabilang ang San Jose/Silicon Valley at Kamara de Komersiyo ng Los Angeles).

Nagbibigay-daan ang mga reporma ng Proposisyon 58 na ipatupad ang mga pinakanapapanahong pamamaraan sa pagtuturo ng wika upang mapahusay ang mga resulta sa mga estudyante at mas magamit sa makabuluhang paraan ang mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis.

Higit pang impormasyon sa *www.SupportProp58.com*.

BUMOTO NG OO SA 58.

LENORA LACY BARNES, Nakatataas na Bise Presidente
Pederasyon ng mga Guro ng California

CHRIS UNGAR, Presidente
Kapisanan ng Mga Lupon ng Paaralan ng California

TANYA ZACCONE, Tagapagpaganap na Direktor
Kapisanan ng Guro sa Wika ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 58 ★

Dalawampung taon na ang nakakalipas mula noong pinipilit pa ng mga paaralan sa California ang libu-libong estudyante sa mga klaseng mandatoryo na Halos Wikang Espanyol Lang. Ayaw nang balikan ng mga estudyante, kanilang mga magulang, at employer ang mga araw na iyon, ngunit gusto itong balikan ng "tagapagtaguyod" ng bilingguwal na edukasyon at unyon ng guro, at pati na rin ng mga politikong bumoto sa Proposisyon 58 sa balota.

Dalawa kami sa maraming Mambabatas na bumoto laban dito at hinihikayat namin kayong bumoto din ng HINDI.

Noong 1998, inaprubahan ng mga botante ng California ang inisyatibo na nag-aatas na turuan ang mga bata sa wikang Ingles sa ating mga paaralan, maliban kung hindi pumayag ang kanilang mga magulang. Ginawa nila ito dahil ang mga batang hindi Ingles ang unang wika ay nahihirapan sa mga klaseng "bilingguwal" ang ginagamit at hindi talaga natututo.

Naging maganda ang mga resulta. Natututo ang mga bata ng wikang Ingles nang mas mabilis kapag pinipilit sila sa "mga bilingguwal na programa" na tumagal nang ilang taon. Dahil mas mabilis silang natututo ng wikang Ingles at sa mas murang edad, tumataas ang bilang ng mga estudyanteng imigrante na natatanggap sa ating mga kolehiyo at unibersidad na pangkomunidad.

Ang mga ito ay gustong baguhin ng mga sumusuporta sa Prop. 58 dahil ang mga tinatawag na "guro sa wika" na ito ay may trabaho lang sa ating mga paaralan hangga't mayroong mga estudyante sa mga bilingguwal na klase. Makikinabang ang mga guro at ang kanilang mga unyon ngunit hindi ang mga bata.

Ang Proposisyon 58 ay hindi usapin ng pagiging makabago ng paraan ng pagtuturo natin ng wikang Ingles, usapin ito ng pagpipilit sa isang nabigo nang pamamaraan ng pagtuturo ng wikang Ingles sa mga batang imigrante kahit hindi ito gusto ng kanilang mga magulang.

Inaalis ng Proposisyon 58 ang mga kasalukuyang karapatan ng magulang sa isang edukasyon sa Wikang Ingles para sa kanilang mga anak.

Bumoto ng HINDI sa nakakalinlang na panukalang ito sa balota.

SHANNON GROVE, Miyembro ng Asembleya
Bakersfield

JOEL ANDERSON, Senador
County ng San Diego

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 58 ★

ANG PANUKALANG ITO SA BALOTA AY ISANG HINDI MATAPAT NA PANDARAYA NG MGA POLITIKO NG SACRAMENTO

• Ang opisyal na titulo ng Proposisyon 58 ay "Pagtuturo sa Wikang Ingles." Ngunit sa katunayan, PINAPAWALANG-BISA nito ang iniaatas na dapat turuan ang mga estudyante ng wikang Ingles sa mga pampublikong paaralan sa California. Ang lahat ng ito ay panlilinlang lang ng mga politiko ng Sacramento upang maloko ang mga botante, na ganap na ipinasa ang Proposisyon 227, ang inisyatibong "Wikang Ingles para sa Mga Bata" noong 1998. • Ang pinakamatinding bahagi ng Proposisyon 58 ay itinatago sa Seksyon 8, na NAGPAPAWALANG-BISA sa lahat ng paghihigpit sa Lehislatura ng California upang makagawa ng mga pagbabago sa hinaharap. Magbibigay-daan ito sa Lehislatura na muling ipatupad ang pagtuturo na HALOS WIKANG ESPANYOL LANG sa mga pampublikong paaralan sa pamamagitan ng simpleng pagboto ng mayoriya, na muling magpipilit sa mga batang Latino sa mga klase kahit hindi gusto ng kanilang mga magulang. • Ganap na sinusuportahan ng mga magulang sa California ang pagtuturo ng wikang Ingles, sa mga imigrante o hindi imigrante, mga Latino o Anglo, Asian o Black. Ito ang dahilan kung bakit sinusubukang LINLANGIN ng mga politiko ang mga botante sa pamamagitan ng isang MAPANLINLANG NA TITULO.

BUMOTO NG HINDI AT PANATILIHIN ANG "WIKANG INGLES PARA SA MGA BATA"—EPEKTIBO ITO!

• Sa loob ng maraming dekada, milyun-milyong batang Latino ang PINIPILIT SA MGA KLASE NA HALOS WIKANG ESPANYOL LANG na mapanlinlang na tinatawag na "bilingguwal na edukasyon." Isa itong pagkakamali sa edukasyon at kahit kailan ay hindi ito naging epektibo. Maraming Latino ang hindi kahit kailan natutong bumasa, sumulat o kahit magsalita ng wikang Ingles nang wasto. • Ngunit noong 1998, ganap na ipinasa ng mga botante ng California ang Prop. 227—ang inisyatibo na "Wikang Ingles para sa Mga Bata"—kung saan nagbigay ito ng planadong imersyon sa wikang Ingles sa mga imigrate na mag-aaral at nag-atas na turuan sila sa wikang Ingles sa lalong madaling panahon kapag nagsimula silang pumasok sa paaralan. • Matagumpay na pinamunuan ni Jaime Escalante, isa sa pinakamatagumpay na guro ng Amerika, ang kilusang *Tumindig at Maghatid*, ang kampanya ng Prop. 227 bilang Pandangal na Tagapangulo, at sa pamamagitan nito ay natulungan niya ang mga Latino sa California mula sa Wikang Espanyol Lang na edukasyon para sa minorya. • Naging epektibo ito! Sa loob ng apat na taon, tumaas nang 30%, 50%, o kahit 100% ang mga marka sa pagsusulit ng mahigit isang milyong estudyanteng imigrante. • Idineklara ng lahat ng pangunahing pahayagan, pati na ng pambansang *New York Times*, na ang bagong sistema sa imersyon sa wikang Ingles ay isang malaking tagumpay sa edukasyon. • Ipinahayag ng dating superintendente ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Oceanside na nagkamali siya tungkol sa bilingguwal na edukasyon sa loob ng tatlumpung taon at naging nangungunang pambansang tagapagtaguyod para sa imersyon sa wikang Ingles. • Simula noong naipasa ang "Wikang Ingles para sa Mga Bata," nagkaroon ng malaking pagtaas sa bilang ng mga Latino na nakakakuha ng marka na sapat upang matanggap sa tanyag na sistema ng Unibersidad ng California. Naging epektibo ang Prop. 227 sa mga paaralan sa California kaya halos nakalimutan na ng lahat ang usapin maliban sa mga aktibista ng bilingguwal na edukasyon. Ngayon, sinusubukan nilang linlangin ang mga botante sa pagpayag sa PAGPAPANUMBALIK NG MGA KLASENG MANDATORYO NA SA HALOS WIKANG ESPANYOL LANG.

Bumoto ng HINDI, panatilihin ang "Wikang Ingles para sa Mga Bata," at protektahan ang pamana ni Jaime Escalante sa edukasyon para sa mga estudyanteng imigrante ng California.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang aming website sa *www.KeepEnglish.org*

RON UNZ, Tagapangulo
Wikang Ingles para sa Mga Bata

KENNETH A. NOONAN, Dating Superintendente
Nng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Oceanside

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 58 ★

TINITIYAK NG PROPOSISYON 58 NA ANG LAHAT NG ESTUDYANTE AY MAGIGING MAHUSAY SA PAGGAMIT NG WIKANG INGLES SA LALONG MADALING PANAHON. PINAPALAWAK DIN NG PROPOSISYON 58 ANG MGA OPORTUNIDAD PARA SA MGA GUMAGAMIT NG WIKANG INGLES NA MAGING MAHUSAY SA PANGALAWANG WIKA.

Ito ang dahilan kung bakit ang Proposition 58 ay sinusuportahan ng mga nangungunang guro at tagapagtaguyod na magulang ng ating estado—mga guro sa paaralan, ang PTA ng estado, mga punong-guro at lokal na miyembro ng lupon ng mag-aaral—at ni Gobernador Jerry Brown.

HINDI TOTOONG ANG PROPOSISYON 58 AY ISANG "HINDI MATAPAT NA DISKARTE."

Huwag magpaloko sa mga mapanlinlang na taktika ng kalaban sa pananakot. Ang Prop. 58 ay HINDI isang "taktika" upang abandunahin ang pagtuturo ng wikang Ingles na panig sa "mga mandatoryong klase na Halos Wikang Espanyol Lang." Narito ang totoong sinasabi ng Prop. 58:

• Dapat magbigay ang mga distrito ng paaralan sa kanilang mga mag-aaral ng "epektibo at naaangkop" na programa sa pagkakatuto ng wika na "nakadisenyo upang matiyak ang pagkatuto ng wikang Ingles sa pinakamabilis na panahon at pinakamahusay na paraan hangga't maaari" (Mga Seksyon sa Kodigo sa Edukasyon 305(a)(1) at 306(c)). • "May karapatan ang lahat ng estudyante sa California na mabigyan ng libreng edukasyon sa pampublikong paaralan at pampublikong edukasyon sa pag-aaral ng wikang Ingles." (Seksyon 320 ng Kodigo sa Edukasyon). • Ang mga distrito ng edukasyon "ay dapat man lang magbigay sa mga Estudyante ng Wikang Ingles ng planadong programa sa imersyon sa wikang Ingles" (Seksyon 305(a)(2) ng Kodigo sa Edukasyon).

HINDI SINUSUPORTAHAN NG EBIDENSYA ANG MGA SINASABI NG KALABAN. Sinasabi ng mga kalaban ng Proposisyon 227 na matagumpay ito, ngunit ayon sa isang komprehensibong pagsusuri na isinagawa sa loob ng limang taon ng Pananaliksik sa Mga Institusyon sa Amerika, "walang batayang ebidensya" upang masuportahan ang mga sinasabi nila.

HINIHILING NG MGA GURO AT MAGULANG NA HUWAG PANIWALAAN ANG MGA TAKTIKA NG KALABAN SA PANANAKOT. Sa ilalim ng Prop. 58, lokal na distrito ng paaralan ang magpapasiya—gamit ang opinyon mula sa mga magulang, guro at kanilang mga komunidad—para sa mga pinakanaaangkop na paraan ng pagtuturo ng wika sa kanilang mga mag-aaral sa pinakamabilis na panahon hangga't maaari at palawakin ang mga oportunidad para sa mga nagsasalita ng Ingles upang maging mahusay sa isang pangalawang wika.

SUPORTAHAN ANG ATING MGA ANAK AT ANG ATING MGA PAARALAN.
BUMOTO NG OO SA 58.

JUSTINE FISCHER, Presidente
PTA ng Estado ng California

TOM TORLAKSON, Superitendente sa Pampublikong Pagtuturo ng Estado
RALPH GOMEZ PORRAS, Presidente
Kapisanan ng Mga Tagapangasiwa ng Paaralan ng California